# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


**nasa loob**


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5


Come & Visit Cam. Norte




Basahin sa pahina 3

# Alliance Building for Newly elected officials of Camarines Norte una sa Bikol

Pinuri nina *Department of the Interior and Local Government* (DILG) *Regional Director* Blandino Maceda at *National Economic Development Authority* (NEDA) *V Officer-in-Charge* Gerelyn Buñag ang lalawigan ng Camarines Norte kaugnay sa *Orientation and Alliance Building for Newly Elected Officials* na isinagawa nito sa *Chateau Royale Sports and Country Club Resort* sa Nasugbu, Batangas noong Pebrero 10-12, 2008.

Dumalo sa nasabing oryentasyon ang mga halal na opisyal sa lalawigan sa pangunguna nina Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. at Bise-Gobernador Roy A. Padilla, Jr., mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan (SP), mga alkalde, mga *municipal development planning coordinators* (MPDCS), mga *department heads* ng Pamahalaang Panlalawigan, *legislative district officer* mula sa Tanggapan ng Kinatawan, at *Regional Development Council* –

*(Sundan sa pahina 3)*



***Ang Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC) meeting na pinangasiwaan mismo ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa kanyang tanggapan na dinaluhan ng mga hepe mula sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan dito sa lalawigan kaugnay ng patuloy na pagbuhos ng ulan na nakaaapekto sa iba't-ibang proyekto at programa ng pamahalaang panlalawigan at iba pang LGUs dito.***




Basahin sa pahina 9

# 88th anibersaryo ng Cam. Norte ipagdiriwang



GOV. JESUS O. TYPOCO, JR

Pinangu-nahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang paghahanda ng pamahalaang panlalawigan para sa sa pagdiriwang ng ika-88 taong anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte na may temang: *"Isang Sayaw, Isang Galaw, Isang Adhikain"* na nakasentro sa *4th Bantayog Festival 2008.* Isasagawa ito simula Marso 17 hanggang Abril 15, 2008.

Ang Bantayog Festival ay isang panlalawigang kapistahan na nakatuon sa kauna-unahang monumento ni Gat Jose P. Rizal na itinatag sa buong mundo ó ang tinatawag na Unang Bantayog ni Jose P. Rizal na matatagpuan dito

*(Sundan sa pahina 9)*

# Media Advocacy Forum

## for the protection of trafficked children isinagawa sa lalawigan

Ang mga miyembro ng *print* at *broadcast media* sa Camarines Norte ay lumagda sa isang manipesto ng pagsuporta sa kampanya at pagsusulong ng agarang pag-aproba ng *Proposed Philippine Guidelines on the Protection of Trafficked Children (PPGPTC)* upang mapigilan ang paglaganap dito ng *child trafficking*. Naganap ang paglagda sa manipesto sa okasyon ng *Media Advocacy Forum on the Protection of Trafficked Children* na isinagawa noong Pebrero 28 sa Vizcaya Building ditto sa Daet, Camarines Norte.

Ipinarinig doon ang 2 *radio plugs* ukol sa child trafficking na nagwagi ng una at ikalawang gantimpala sa patimpalak na isinagawa noong Disyembre 12, 2007 kaugnay sa selebrasyon dito ng ***International Day Against Child Trafficking***. Ipinarinig din ang anim (6) pang *radio plugs* at ipinalabas ang *video clips* tungkol dito upang mas maramdaman ng mga nagsipagdalo and kahalagahan ng nasabing ***Guidelines***.

Sa pamamagitan ng naturang forum nagkaroon ng kamalayan ang mga miyembro ng media ukol sa pagsisikap ng iba't-ibang sektor at samahan na maisulong ang *adoption* ng *PPGPTC*.

*(Sundan sa pahina 7)*










*1) Binabasa ni Gg. Purita P. Briñas, Community Affairs Officer ng Tanggapan ng Gobernador ang Manipesto ng mga taga-media na nagsusulong sa agarang pag-adopt sa Phil. Guidelines on the Protection of the Trafficked Children; 2) Pinabulaanan ni P/Capt. Mirasol ang mga ulat tungkol sa mga batang diumano'y dinukot para sa organ trading; 3) Sina Irene Castillo-Cambronero at Ernie "Busilak" Consuelo ng Radyo ng Bayan—DWCN-FM habang tinatanggap galing kay Gg. Briñas ang plake ng pagkilala ng PACT sa tuluy-tuloy na advocacy campaign ng DWCN-FM laban sa child trafficking sa lalawigan.*

Bumaba ang *poverty incidence* ng lalawigan ng Camarines Norte. Base sa pinakahuling resulta ng survey na isinagawa ng National Statistics Office noong 2006, ay opisyal na inianunsyo ng National Statistics Coordinating Board na ang *poverty incidence* ngayon ng lalawigan ay 38.4 bahagdan na. Bumaba ito ng 7.7 bahagdan mula sa dating 46.1 noong 2003 at 14.3 bahagdan mula naman sa 52.7 noong 2000. Mula sa datbansa at may *poverty incidence* na 41.8.

Tumaas ito ng 1.2 bahagdan mula sa 40.6 noong 2003 at bumaba naman ng 3.5 bahagdan mula sa 45.3 noong 2000.

Sa Pilipinas, ang *poverty incidence* ay 26.9 bahagdan. Ito ay tumaas ng 2.5 mula sa 24.4 noong 2003 at bumaba naman ng konti (0.6%) mula sa 27.5 noong 2000. Ibig sabihin mas lumala ang kahirapan sapagka't mula sa 24 pamilya noon 2003, ito ay naging 27 noong 2006. sa loob ng isang daang paumaabot na sa 4.7 milyon ng 2006. Mas mataas ito ng 0.7 milyon sa 4.0 milyon noong 2003 at 0.6 milyon mula sa 4.1 milyon noong 2000.

Sa ngayon, ang tinatayang gugugulin ng isang indibidwal dito sa lalawigan sa isang taon (*per capita poverty threshold o poverty line*) ay P14,854. Tumaas ito ng P2,127 mula sa P12,727 noong 2003. Ibig sabihin, ang *minimum* na dapat gugugulin ng bawa't miyembro ng pamilya ay katumbas o higit sa naturang halaga sa loob

# Poverty Incidence ng Cams. Norte bumaba

ing rank na pampitong (7) pinakamahihirap na lalawigan sa buong bansa noong 2000 at panlabingisa (11) naman noong 2003, ngayon ay umakyat na sa rank 37 ang ating lalawigan. Ang kahulugan ng rank 1 ay yaong pinakamahirap kaya ang ibig sabihin, bumuti ang kalagayan ng ating lalawigan ng taong 2006.

Naitala rin ang Camarines Norte na pang apat (4) na lalawigan sa buong bansa na may pinakamalaking pagbabago o *improvement* base sa resulta ng *survey*. Samantalang ang lalawigan ng Tawi-Tawi na may *poverty incidence* na 78.9 at dating rank 31 at may *poverty incidence* na 34.6 noong 2003 ay naitalang pinakamahirap sa buong bansa. Walo sa sampung pamilya nito ay naghihirap.

Aug resulta ng *poverty incidence* sa iba pang lalawigan sa Rehiyong Bikol ay ang sumusunod: Masbate 51.0, Sorsogon 43.5, Camarines Sur 41.2, Albay 37.8, at Catanduanes 37.3.

Sa resulta naman ng mga rehiyon, ang Rehiyong Bikol ay nanatili pa rin sa pang- apat (rank 4) na mahirap sa buong milya ang maituturing na mahihirap at tatlumpu at tatlo (33) sa isang daang Filipino kagaya ng kalagayan ng ating bansa noong nakaraang anim na taon (13.0 ang poverty incidence noong 2000).

Sa dami ng bilang ng pamilyang maituturing na mahihirap *(magnitude of poor family)* sa Rehiyong Bikol, ang Camarines Norte ay patuloy na bumaba mula sa 50,670 pamilya noong 2000; 44,874 pamilya noong 2003 at 39,421 pamilya ng 2006?. Nangunguna pa rin dito ang Camarines Sur na may magnitude na 134,599 pamilya, Albay na may 88,676 pamilya, Sorsogon na may 62,071, Masbate na may 80,512 pamilya, at ang lalawigan ng Catanduanes na may 16,999 pamilya.

Ang buong Rehiyong Bikol ay may kabuuang dami na 422,278 pamilya o nanatiling rank 2 sa buong bansa na may pinakamaraming bahagi ng pamilya na naghihirap. Tumaas ito ng 38,653 ng 2006 mula sa 383,625 noong 2003.

Sa Pilipinas, ang bilang ng pamilyang maituturing na mahihirap ay ng isang taon para matugunan ang pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan upang di maibilang sa mahihirap na pamilya. Ibig sabihin, ang isang pamilya dito na may limang miyembro ay nangangailangan ng P6,189 kita kada buwan upang hindi maibilang sa mahirap na pamilya.

Ang Rehiyong Bikol na may *per capita poverty threshold* ngayon na P15,015 ay nangangailangan ng kita na P6,256 kada buwan para sa isang pamilya na may limang miyembro upang hindi mapabilang na mahirap. Samantalang sa buong Pilipinas, ang kailangang kita ng isang pamilyang may limang miyembro ay P6,274 sa loob ng isang buwan upang di mapabilang sa mahirap na pamilya.

Ang iba pang dagdag na impormasyon ay ang mga sumusunod:

Ang 10 pinakamahihirap na lalawigan kagaya ng nabanggit sa unahan ay pinangungunahan ng Tawi-Tawi (78.9), sumunod ang Zamboanga del Norte (63.0), pangatlo

*(Sundan sa pahina 7)*

# Provincial Government Scholarship Program (PGSP)

## nagsimula nang tumanggap ng mga aplikante para sa School Year 2008-09

Nagsimula ngayong buwan ng Marso ang pagtanggap ng pamahalaang panlalawigan sa aplikasyon ng mga interesadong maging iskolar sa ilalim ng Provincial Government Scholarship Program (PGSP) na patuloy na ipinatutupad ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng Community Affairs Office (CAO) na pinamumunuan ni Gng. Purita P. Briñas, Community Affairs Officer IV at PGSP Program Officer.

Ang orihinal at *machine copy* ng *report card* kung saan 85% pataas ang dapat na *general average* ang siyang pangunahing dokumento na kailangang maisumite ng sinumang aplikante maliban sa iba pa. Dahil dito, ang mga unang nakapagsumite ng aplikasyon sa PGSP ay ang mga nagtapos ng hayskul noong 2007 at sa mga nakaraang taon ngunit ni hindi nakapag-aral sa kolehiyo dahil sa problemang pinansyal at/o iba pa.

Pinaaalalahanan naman ang lahat na magtatapos pa lamang sa hayskul ngayong Marso-Abril 2008 na isumite kaagad sa CAO ang mga sumusunod na dokumento simula ngayong Marso hanggang Abril 30, 2008: 1) orihinal at *machine copy* ng *report card* kung saan ang *general average* ay dapat na 85% at pataas; 2) *machine copy* ng *BIR Income Tax Return (ITR)* ng magulang ó tagapangalaga na kinumpirma ng *BIR* (ang kita ay hindi dapat lumagpas sa gross income na P100,000.00 bawa't taon); *certificate of residency* na inisyu ng kinauukulang Punong Barangay; sedula ng aplikante; *certificate of good moral character* mula sa pinuno ng paaralan o *guidance counselor*; *barangay clearance*; 2 pcs. 1x1 *recent photo*; at 1 *long folder* na may *fastener* na paglalagyan ng mga nabanggit na dokumento. Kasama nilang isusumite ang kanilang indibidwal na *application letter* na dapat na naka-*address* sa gobernador bilang PGSP *Committee Chairman*.

Ang naturang programang pang-edukasyon ay nakalaan lamang para sa mga kabataang taga Camarines Norte at residente ng lalawigan na nagtapos o magtatapos pa lamang ng hayskul mula sa mga pribado at pampublikong paaralang sekondarya o hayskul sa lalawigan. Ito ay upang matiyak na mabibigyan ng prayoridad sa ilalim ng programa ang mga kabataan dito sa ating lalawigan.

Ipinaaabot muli ng PGSP na ang makapagsusumite lamang ng kumpletong dokumento ang kwalipikadong kumuha ng *qualifying* at *competitive written examination* na isasagawa sa ika-14 ng Mayo sa Provincial Library ng Kapitolyo Probinsyal. Ang na makapapasa rito ay isasailalim sa interbyu na itatakda ng pamunuan ng PGSP. Ang pagsusulit ay katumbas ng 75% at ang interbyu naman ay katumbas ng 25% o may kabuuang 100%.

Ang mga mapapalad na makukuhang iskolar ngayong taon na makapapasa sa mga pamantayan na mahigpit at pantay-pantay na ipinatutupad ng PGSP ay tatanggap ng P5,000.00 bawat semestre kung saan ang P3,000.00 nito ay nakalaan para sa kanilang *tuition fee* at ang P2,000.00 ay bilang *allowance*. Kung lalagpas naman sa P5,000.00 ang kanilang *tuition fee*, ang kakulangan ay sasagutin na ng mga iskolar ng PGSP sapagkat P5,000.00 lamang ang nakalaang pondo para sa bawa't iskolar nito.

Ang naturang benepisyo ay patuloy na tatamasahin ng mga iskolar kung mapananatili nila ang markang 85% at pataas. Ang marka namang 80% at pataas ay pinahihintulutan para lamang sa mga iskolar na kumukuha ng *engineering courses* ayon sa inamyendahang ordinansa.

Samantala, ang mga iskolar ng PGSP ay maaari lamang mag-aral sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa bansa. ***LT IBASCO***



***Ang iba't-ibang koponan na opisyal na kalahok sa isinasagawang Inter-offices Basketball tournament ng pamahalaang panlalawigan na binubuo ng mga kawani mula sa iba't-ibang tanggapan dito kabilang na ang visiting teams galing sa Leon Hernandez Memorial Hospital, Integrated Bar of the Philippines (IBP) Camarines Norte Chapter, at mga manlalaro sa GYM.***

# Mga Katangian ng Isang Lider

## Ni: EMMA FLORES-ARCILLA

*(Kaugnay ng nakaraang pagsasanay sa mga bagong halal na mga opisyal ng barangay, heto ang mga tips upang mas maging mabuti silang pinuno ng kani-kanilang pamayanan.)*

**TAGA-BIGAY NG SOLUSYON.** Bilang isang lider, nasa iyo ang solusyon ng mga problema ng iyong nasasakupan. Dahil hindi ka ipinanganak na isang aksidente, may kaukulang misyon ka na gagampanan sa pamamagitan ng iyong tungkuling hinahawakan. Hindi misyong pansarili kundi isang misyon na itinalaga ng Diyos upang gamitin kang instrumento para mamuno at akayin ang mga nasasakupan sa tamang gawain na siyang magdadala sa kanila sa mapayapa at maluwag na buhay na may pananagutan sa kapwa.

**BILANG ISANG AMA.** Ang lider ay tulad din ng isang ama ng isang mas malaking pamilya. Tungkulin mo ang bigyan ng suporta ang iyong nasasakupan sa paggiya sa kanilang kabuhayan na may karangalan. Bilang mabuting namumuno, bigyan mo ng respeto ang opinyon at kaisipan ng iyong nasasakupan sa pamamagitan ng pakikinig at pagbibigay-liwanag sa mga bagay na hindi nila maunawaan. Gaano man kaliit, ang liwanag na iyon ay lalaganap sa kadiliman.

**BILANG ISANG INA.** Ang tunay na lider ay ginagampanan din ang papel ng isang ina – mapagbigay, mapagmahal at mapag-aruga sa kanyang mga anak na gumagabay sa paglaki nito na may pagpapahalaga sa kung ano ang tama sa mata ng Diyos. Siya ay nagsasakripisyo upang magbahagi ng oras, makinig, at makiisa sa damdamin ng kanyang mga anak. Siya ay mapagpatawad at hindi mapanisi sa kamalian ng isang anak. Binibigyan niya ng pagkakataong makapagsimulang muli ang sinumang nagkamali niyang anak.

TAGAPAG-BALANSE. Ang tunay na lider ay laging nasa gitna ng alitan ng dalawang grupo. Hindi siya kumakampi. Siya ay nakikinig sa bawa't grupo at hinahayaang sa pamamagitan ng paglalahad ng kani-kanilang opinyon at damdamin, makatuklas ang mga ito ng kung ano ang nararapat gawin. Ang dahilan ng di pagkakaunawaan ay ang hindi pakikinig ng bawat isa sa ideya ó opinyon ng kapwa ó di kaya naman ay kawalan ng komunikasyon.

**TAGAPANGALAGA SA KALUSUGAN.** Ang isang lider ay umiiwas sa mga bisyo, tulad ng paninigarilyo, pagkagumon sa alak, pambababae at iba pang makasisira sa kalusugan ng kanyang nasasakupan. Kung ang lider ay walang bisyo, siya ay igagalang at gagayahin ng kanyang nasasakupan. Kung ang lider ay may problema sa kalusugan niya, hindi siya magiging epektibo sa kanyang tungkulin sa bayan. Matutulungan niya ang kanyang nasasakupang maging malusog hindi lang sa katawan kundi sa

*(Sundan sa pahina 6)*

# Alliance Building ...

*(Mula sa pahina 1)*

*Private Sector Representatives* (RDC-PSR).

Sa *opening program* nito, nagbigay ng maikling mensahe ang Bise-Gobernador Roy A. Padilla, Jr. tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa ng mga *local government units* (*LGUs*) tungo sa pagsulong ng lalawigan.

Ipinaliwanag naman ni *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado ang mga basehan sa pagsasagawa ng *orientation on alliance building* susog sa *DILG Memorandum Circular 2007 – 66 ó Guidelines for the Conduct of Alliance Building for Newly Elected Officials.* Matatandaan na una nang isinagawa ang *Orientation for Newly Elected Officials* sa *municipal level* ng lalawigan na ginanap sa

*(Sundan sa pahina 6)*




# EDITORYAL

## Alliance Building Para sa Kaunlaran - magandang istratehiya nguni't, subali't, datapwa't maisasakatuparan kaya?

Tunay na kapuri-puri ang inisyatibong ginawa ng ama ng lalawigan ng Camarines Norte na si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa pagsasagawa ng oryentasyon at *alliance building* sa lahat ng opisyal, halal man sila ó nahirang na mga pinuno ng mga tanggapang lokal, na isinagawa pa sa *Chateau Royal Sports and Country Club Resort* sa Nasugbu, Batangas kamakailan.

Sa mga labi at pananalita ng mga matataas na opisyal, namumutawi ang kahalagahan ng pagkakaisa para diumano sa mga balaking pangkaunlaran ng bawat LGU at pagsulong ng lalawigan. Bawa't mananalita ay humihimok sa pakikipagtulungan ng bawa't isa bilang magkakakampi sa halip na magkakaribal o magkakatunggali; pagkakaroon ng *shared vision* para sa kaunlaran ng pamayanan. Naglatag din sila ng mga istratehiya kung papaano ito makakamtan sa bawa't lokal na pamahalaan tungo sa pangkaunlarang nasyonal.

Tunay na napakaganda at kapuri-puri - na kung tunay na isasa-puso ó isasagawa lamang sana ng bawa't isa, at maiiwasan ang kulay-pulitika sapagka't hindi pa naman napapanahon, at kung hindi paiiralin ang mga *personal political agenda*, tiyak na makakamtan ng pinakamaliliit mang pamayanan, mga bayan at ng lalawigan ang mailap na mithiing KAUNLARAN. Subali't hangga't bumabalik ang gawi at ugaling mainggitin sa nagagawa ng kapwa opisyal, na sa halip na magsagawa ng mga hakbanging makapagdudulot ng kabutihan at kaalwanan sa buhay ng mga mahihirap nating kababayan, mga proyektong tunay na makatutulong sa bayan, at hangga't may mga opisyal na ang alam lamang ay magpuna sa halip na magbigay ng alternatibong solusyon sa mga suliraning tinutuligsa – masasabi nating SAYANG! SAYANG LAMANG ang lahat ng pagpupunyagi sa pagkakaisa!

# 2008 Inter-Offices Sports Competition nagsimula na

Pormal na nagsimula ang *2008 Inter-Office Sports Competition* sa *Camarines Norte Agro-Sports Center* noong Marso 5, 2008 matapos ang *opening program* nito na tinampukan ng parada ng lahat na *competing teams,* at pagpasok ng mga kalahok na departamento at tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ito ay patuloy na itinataguyod ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng *Provincial Sports Office (PSO)* na pinamumunuan ni Provincial Sports Coordinator Jose V. Reniva. Tinatampukan ito ng *basketball competition* na sinalihan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at maging mga pambansang ahensya at samahan ng mga propesyonal sa pribadong sektor na nakabase sa lalawigan.

Sa naturang programa, nagbigay ng *opening* at *welcome remarks* si Ms. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV, CAO-G.O.* Binigyang-diin niya na makabubuti sa kalusugan at pangangatawan ng mga kalahok na opisyal at kawani ang paglalaro ng basketbol at mababawasan din ang kanilang pagkabagot dahil sa paulit-ulit na gawain sa kani-kanilang tanggapan.

Sinundan ito ng paghayag ni G. Reniva sa mga *competing teams,* at ang pagbigkas ng *oath of sportsmanship* na pinangunahan ni G. Elberto M. Padilla, *coach* ng koponan ng *Governor's Office (G.O.).*






Sa mensahe ng gobernador para sa naturang okasyon, ipinahayag nito na naniniwala siya sa kasabihang ang malusog na katawan ay susi sa malusog na kaisipan. Idinagdag pa ng gobernador na ang paglalaro ng basketbol ay isang magandang uri ng ehersisyo para magkaroon ng aktibong pangangatawan at maiwasan ang mabilis na pagtaba na karaniwang nagiging sanhi ng mataas na presyon ng dugo, atake sa puso, at iba pa na maaaring magresulta sa biglaang pagkamatay.

Pinangunahan ni G. Reniva at Gng. Nerissa A. Augusto ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)* ang *ceremonial toss* na naghudyat sa pagsisimula ng *basketball competition* kung saan unang nagharap ang mga koponan ng *G.O.* at *Leon D. Hernandez Memorial Hospital*. Naging maghigpit ang labanan ngunit sa bandang huli ay nangibabaw rin ang koponan ng Tanggapan ng Gobernador kontra sa kalaban nito.

Inaasahan na mas magiging mahigpit pa ang susunod na mga paghaharap sa *basketball court* ng mga kalahok na koponan na magpapakitang-gilas ng kanilang husay sa larangan ng basketbol. *LT IBASCO*

***Si Community Affairs Officer IV Purita P. Briñas habang nagbibigay ng opening at welcome remarks sa pagbubukas ng Inter-Offices Basketball tournament sa CN Agro Sports Center; Ipinakikilala naman ni Provincial Sports Coordinator Jose V. Reniva ang mga koponang opisyal na kalahok sa naturang aktibidad.***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health— Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan




*1) Si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. habang pumipirma sa MOA sa pagitan ng pamahalaang panlalawigan at mga kaukulang ahensiya ng pamahalaan ukol sa implementasyon ng PCRM-TWG; 2) Ang 5 sa anim na BACNA Volunteers na kinilalang 'adopted sons and daughters' ng lalawigan nang ibigay ni Gob. Typoco Jr. ang kopya ng Executive Order No. 2008-09 ukol dito dahil sa patuloy nilang pagsasagawa ng Surgical Mission (SM) sa lalawigan; 3) Ang mga volunteers sa BACNA SM 2008 kasama si Gob. Typoco Jr. sa isinagawang Governor's Night sa Pineapple Island Resort; 4) Ang mga young legislators ng lalawigan na dumalo sa NMYL convention sa Cebu City nang mahalal si SPM Pamela Pardo bilang Auditor. Kasama niya sina SPM Mike Canlas, Bong Avila, SBM Art Andaya, Ricky Manarang gayundin si SPM J.G. Pimentel; 5) Ang mga Honor Guards na itinalagang magbantay sa Unang Bantayog ni Rizal bilang bahagi ng 88th Founding Anniversary ng Camarines Norte na nakasentro sa 4th Bantayog festival.*














# Mga lider-kabataan dumalo sa 1st CN Rizal Leadership Convocation na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at Histo-Kapariz

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD) sa pamumuno ni G. Abel C. Icatlo, Museum Curator I ay nakipagtulungan sa Mabini Colleges Kabataang Pangarap ni Rizal (Histo-Kapariz Central Council) para maisagawa ang *1st Camarines Norte Rizal Leadership Convocation* sa lalawigan na may temang, *"Rizal's Leadership: Very Much Alive, Getting Stronger and Still Relevant in Today's Nation Building."*

Ito ay ginanap sa Miguel Rojo Ibana Hall (MRI Hall) ng Mabini Colleges noong ika-8 ng Marso 2008 sa ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon. Bagama't may P75.00 registration fee, marami pa ring mga mag-aaral na dumalo sa naturang gawain. Ang pinakatampok dito ay ang workshop na ang mithiin ay linangin ang kakayahang mamuno (leadership skills) ng mga kabataang lider sa ating lalawigan. Layunin din nito na maitimo sa isip at puso ng mga kabataan ang mga ideyalismo ng ating pambansang bayani na si Gat Dr. Jose P. Rizal. Inaasahan na sa pamamagitan nito, matututuhan ng mga kabataang lider ang kahalagahan ng pagsasakripisyo, dedikasyong maglingkod sa bayan, pagmamahal sa kapwa, kalayaan, hustisya at pagmamahal sa bansang Pilipinas.

Pangunahing panauhin sa naturang aktibidad si G. Arnulfo M. Balane, *Officer-In-Charge, Office of the Schools Division Superintendent* ng *DepEd Division Office* dito bilang *keynote speaker*. Naging *guest speaker* din dito sina Sir Abel C. Icatlo, *KR-Museum Curator I* at Bokal Jonah G. Pimentel, *Senior Board Member-PBLMP Interim Vice President for Luzon* at *Vice Chairman, Committee on Registration and Billeting*.

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan nagtalaga ng mga opisyales ng naturang bagong tatag na samahan dito sa Camarines Norte na pinamumunuan ngayon ng pangulo nito na si Ms. Helena B. Alegre.

Sinundan ito ng mga paligsahan tulad ng *Jose Rizal Quiz, Oratorical, Extemporaneous Speaking* at *On-the-Spot Essay Writing contests.*

Ang naturang 1-araw na gawain ay nagtapos sa pamamagitan ng *closing ceremony* na tinampukan ng paggawad ng mga parangal at papremyo sa mga nanalo sa mga nabanggit na patimpalak. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# Alliance Building ...

*(Mula sa pahina 3)*
Pili, Camarines Sur.

Sa kanyang mensahe, binigyang diin naman ni Goberandor Typoco, ang kahalagahan ng *inter-LGU alliance building* upang matupad ang mga balaking pangkaunlaran ng bawat LGU. Ayon sa gobernador, "*a high level, multi-jurisdictional, shared vision as basis of intergovernmental collaboration will help facilitate and leverage the resources of each LGU, intergovernmental initiatives can lead to better social services, and may help reduce government expenditures*".

Idinagdag pa niya na sa pamamagitan ng *alliance building*, ang "*LGUs should create an Executive Community that makes decisions with inputs from every member, share their resources for the common good, know when to be competitive and when to be collaborative, or see themselves as partners and allies, instead of rivals and antagonists*".

Tinalakay naman ni Dir. Balneg ang *National Perspective and Bicol Development Framework* na naglalayong masolusyunan ang problema sa kahirapan kung saan tinukoy rin ang Bicol Region na isa sa mga pinakamahihirap na rehiyon sa bansa.

Inilahad din niya ang *Guidelines on Provincial/Local Planning and Expenditure Management (PLPEM)* na magiging gabay upang makamit ang bisyon ng mga LGUs at makapag-ambag sa pambansang kaunlaran.

Binigyang-diin din ni Dir. Balneg ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga probinsya sa pagtamo ng pambansang kaunlaran bilang mga may direktang kontrol sa pagpaplano at paglalaan ng pondo sa mga proyekto. Malawak ang kanilang kapangyarihan sa ilalim ng *Local Government Code of 1991*, pinag-uugnay rin nito ang mga *local, regional,* at *national priorities,* at napag-iibayo ang ugnayan ng bawat bayan.

Pinangasiwaan naman ni Arch. Madonna Abular, *Provincial Planning & Development Coordinator (PPDC)* ng Camarines Norte ang pagpresenta sa *Province's Vision, Preferred Strategies, Plan Components, Constraints and Challenges, Proposed Programs and Projects and Implementation Strategies* na pawing nakapaloob sa *Provincial Physical Framework Plan (PPFP)*.

Ginamit na basehan sa isinagawang *series of workshops* ang nasabing presentasyon. Ang *preferred strategy* ng lalawigan na *Multi-Centers with Satellites* ay gagawing sentro ng

*(Sundan sa pahina 8)*





***Si Tourism Officer Designate Edgardo "Boy" Reyes habang nagbibigay ng ilang pag-uulat ukol sa paghahanda sa isasagawang 4th Bantayog Festival at 88th Founding Anniversary ng lalawigan. Ito ay dinaluhan ng mga tagapamahala ng iba't-ibang komitiba sa naturang isasagawang aktibidad; Si Provincial Sports Coordinator Jose V. Reniva kasama si Nerissa A. Augusto ng PAssO sa isinagawang ceremonial toss bilang pagbubukas ng Inter-Offices basketball tournament dito.***

# Mga Katangian ...

***(Continued from page 3)***
lahat ng aspeto ng buhay, magpapisikal man o moral. Ang kalusugan ng bawa't isa ay nagdudulot ng malinis at kaaya-ayang komunidad.

**TAGAPAG-INGAT NG KAPALIGIRAN.** Ang isang lider ay may paggalang sa kanyang kapaligiran. Itinuturo niya ang wastong pangangalaga sa kalikasan na siyang nagbibigay ng pagkain at kabuhayan. Iginigiya niya ang kanyang nasasakupan sa pangangalaga sa ilog, dagat at kagubatan upang

*(Sundan sa pahina 7)*

# Media Advocacy Forum...

(Continued from page 2)

Naging daan din ito upang maging matatag ang relasyon at pagtutulungan ng media at mga kinauukulang sektor para maipaabot ang iba't-ibang *anti-child trafficking activities*.

Nakalap at napag-usapan din ang mga impormasyon ukol sa mga isyu sa mga insidente ng trapiking partikular na ang *organ trafficking* kung saan ilang kabataan ang napabalitang nawawala na diumano'y pinagkukunan ng bahagi ng katawan tulad ng bato, *cornea*, atay, at iba pa. Pinabulaanan ito ni PSI Flor E. Mirasol ng *Philippine National Police-Camarines Norte Provincial Office (PNP CNPO)* na nagsabing wala pa silang nakukuhang konkretong impormasyon at ebidensya ukol dito at mataman naman itong sinusubaybayan ng pulisya.

Ang kailangan lang aniya ay makipag-ugnayan sa istasyon ng pulisya at makipagtulungan ang bawa't mamamayan para matiyak ang seguridad ng lahat lalo na ng mga kabataan. Idinagdag nito na kung meron mang nawawalang kabataan, ito ay ang mga nagsipaglayas lamang na mga menor de edad.

Sakaling totoo man o hindi ang mga balita, wala umanong masama kung ang mga magulang ay maging mapagmanman sa kilos ng kanilang mga anak at higpitan pa ang pagbabantay.

Ang naturang forum na pinunduhan ng *European Commission (EU)* ay isinagawa ng ***Philippines Against Child Trafficking (PACT)*** sa pakikipagtulungan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* na pinamumunuan ni Gg. Lorna C. de Claro, at ng *Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O.)* na pinamumunuan naman ni Gg. Purita P. Briñas, CAO-IV.

Bilang pagkilala rin ito sa epektibong istratehiya at aktibong kampanyang isinasagawa ng PACT Camarines Norte laban sa *child trafficking* na sinuportahan ng mga pamahalaang lokal at organisasyon dito na maaaring maging huwaran ng iba pang *PACT areas* sa bansa. Ang nabanggit na forum ay pinangasiwaan ni Gg. Briñas na siya ring *Island-wide convenor* ng Luzon at *Deputy Secretary* ng *PACT National Campaign Council*.

Matatandaan din na si Gg. Briñas ay dumalo sa *IACAT Luzon Sub-National Conference* noong Disyembre 11, 2007 kung saan isinagawa ang *Soft Launch* ng *Proposed PGPTC*.

Samantala, kaugnay ng nabanggit na manipesto, ang Sangguniang Panlalawigan, sa pamamagitan ni Bokal Pamela Pardo-Pujalte ay nagpasa ng isang resolusyon na naglalayong isulong ang madaliang pag-***adopt sa nasabing Proposed PGPTC*** ng mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan na bumubuo sa *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT)*. ***LT IBASCO***




***1) Tinanggap ng Radio Station DZMD sa pamamagitan nina Ivy Consuelo-Garcia at Glaiza V. Silverio ang plake ng pagkilala galing sa Philip-***




# Poverty...

(Continued from page 2)

ang Maguindanao (62.0), pang-apat ang Apayao (57.5), panlima ang Surigao del Norte (53.2), pang-anim ang Lanao del Sur (52.5), pampito ang Northern Samar (52.2); ang Masbate (51.0) na dati ay rank 3 noong 2003 ay pangwalo na ngayon; pangsiyam ang Abra (50.1), at ang pansampu ay ang Misamis Occidental (48.8). Ang pinakamahihirap na rehiyon naman sa buong bansa ay ang Rehiyong ARMM (55.3), pangalawa ang Caraga (45.5) at pangatlo ay ang Region IV-B (43.7). Ang Rehiyong Bikol ay pang-apat dito (41.8%), samantalang ang NCR ang may pinakamababang *poverty incidence* (7.1%).

Sa buong bansa, ang Rehiyon VI at V ang may pinakamalalaking bilang ng pamilyang mahihirap (425,571 at 422,278, ayun sa pagkakasunod), at ang CAR (87,050) naman ang may pinakamaliit na bilang.

Sa Pilipinas, 4.7 milyong pamilya ang naghihirap, at tinatayang 27.6 milyong indibidwal ang apektado rito. Halos tumaas ng 3.8 milyon mula sa 23.8 milyong indibidwal noong 2003.

Apat (4) lang na rehiyon sa buong Pilipinas ang bumaba ang *poverty incidence* at ito ay ang Rehiyon IX-b na mula sa 44.0 at naging 40.2; Caraga na mula sa 47.1 na naging 45.5; Rehiyon X na mula sa 37.7 at naging 36.1, at; Rehiyon VI na mula sa 31.4 na naging 31.l.

Ang 10 lalawigan naman na may pinakakonti ang mahihirap ay matatagpuan sa Luzon. Nangunguna rito ang Batanes na may *zero poverty*, pangalawa ang Rizal (6.4), pangatlo ang Bataan (6.8), pang-apat ang Cavite (7.8), panlima ang Benguet (8.2), pang-anim ang Pampanga (8.3), pampito ang Bulacan (10.0), pangwalo ang Laguna (10.6), pansiyam ang Nueva Vizcaya (12.7), at pansampu ang Quirino (15.9).

Sa Republic Act No. 8425 ó tinatawag na *Social Reform and Poverty Alleviation Act* na naipasa ng Kongreso noong 1997, ang tinatawag na mahirap ay yaong indibidwal o pamilya na ang kinikita ay mababa sa opisyal na *poverty threshold* na itinakda ng pamahalaan ó yaong hindi kayang tugunan ang *minimum* na pangangailangan sa pagkain, kalusugan, edukasyon, tirahan at iba pang pangangailangan sa buhay.

Ang *poverty incidence* ay tumutukoy sa pamilya o indibidwal na ang kita ó gastos ay kulang sa kailangang kita na dapat gastusin ng isang pamilya ó indibidwal.

Tumutukoy naman ang *poverty threshold* sa halaga ng pangunahing pangangailangan (*food and non-food items*) kumpara sa minimum na kita/gastusin na kailangan ng indibidwal ó pamilya para matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan. ***MARILYN P. ASIS***

# Mga Katangian ...

(Mula sa pahina 6)

patuloy itong makapagbigay ng biyaya. Kapag ang mga ito ay naabuso, darating ang panahon, gutom ang sasapitin ng mga tao.

**GURO.** Ginagabayan ng isang lider ang kanyang nasasakupan upang magkaroon ng karunungan para sila ay maging kapaki-pakinabang sa bayan. Sa pamamagitan ng makabuluhang mga pagsasanay, ang kanyang nasasakupan ay magkakaroon ng matuwid at tamang pananaw sa buhay.

(Sundan sa pahina 9)

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement: Training | Qualification /Requirement: Eligibility | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Medical Officer III | 4059 & 4057 | 18 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | None Required | None Required | RA 1080 | |
| Dentist II | 4123 | 16 | | 2 | PHO | Doctor of Dental Medicine or Dental Surgery | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | RA 1080 | |
| Medical Officer IV | 4073 & 4063 | 20 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | RA 1080 | |
| Security Guard III | 1042 | 8 | | 1 | PCSSD | High School graduate | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | Sec. Guard License | |
| Prison Guard II | 1025 | 7 | | 1 | PCCSD | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | CS Sub professional | |

*SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV*

No to SEX TOURISM
Yes to ECO- TOURISM

# Pagsasanay sa mga opisyal ...

(Continued from page 10)

kakayahan ng mga opisyales upang maitaguyod nila ang kaunlaran sa barangay at maayos na magampanan ang kanilang mga kaukulang gawain at responsibilidad.

Unang sumailalim sa naturang oryentasyon simula noong Pebrero ang mga opisyales ng barangay sa mga bayan ng Talisay, Vinzons at Mercedes. Sinundan ito ng mga opisyales ng barangay mula sa mga bayan ng Jose Panganiban, Labo, San Vicente, San Lorenzo Ruiz at Capalonga ngayong buwan ng Marso. Isasagawa naman sa buwan ng Abril ang pagsasanay para sa mga opisyales ng mga barangay sa mga bayan ng Paracale, Daet, Sta. Elena at Basud.

Binubuo ng tatlong bahagi ang BNEO program kung saan ang unang bahagi nito ay tinatawag na *General Orientation Training for BNEO cum Radyo Aralan: Ang Barangay at Pamamahala.* Tumatalakay ito sa mga araling sumasakop sa organisasyon, kapangyarihan at responsibilidad ng barangay, at ng mga opisyales at mga kawani nito.

Magiging katuwang din sa patuloy na pagpapaabot ng mga kaalaman sa mga opisyal ng barangay ang Radyo ng Bayan ng lalawigan na nakapaloob sa programang radyo-aralan. Pinahintulutan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang DILG na gamitin ang istasyon ng radio ng pamahalaang panlalawigan tuwing Huwebes sa ganap na ika-9:30 hanggang ika-10 ng umaga. Sa pamamagitan nito, tuluy-tuloy na makapag-aaral ang mga opisyal at kawani ng barangay kasabay ng pagganap sa kanilang tungkulin.

Ang ikalawang bahagi ng BNEO ay nakatuon naman sa pagpapalakas ng mga institusyong katuwang ng mga barangay tulad ng *Barangay Development Council* (BDC), Lupon Tagapamayapa, Tanod, at iba pa.

Nakapaloob naman sa ikatlong bahagi ang mga pagsasanay na nakapokus sa mga espesyal o partikular na aralin ukol sa tamang pamamahala na maaaring isagawa ayon sa pangangailangan ng barangay.

Ipinahayag ng mga opisyal ng barangay na nagtapos sa naturang pagsasanay na malaki ang naitulong nito sa kanila sapagkat nagkaroon sila ng pagkakataon na lubos na maunawaan ang kanilang mga tungkulin at magampanan ang kanilang responsibilidad ayon sa batas at pangangailangan ng kanilang mga nasasakupan. ***MELODY E. RELUCIO (LGOO V, Technical Services Staff-DILG)***

# Blocking of prohibited ...

(Mula sa pahina **10**)

simula ika-7 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa mga araw ng Lunes hanggang Biyernes maliban sa mga araw ng Sabado, Linggo at pista opisyal, at maliban din kung sila ay nagre-research lamang. Sinang-ayunan naman ng mga may-ari ng *internet cafés* ang paglalagay sa kanilang establisimyento ng mga gabay sa mga kabataan sa tamang paggamit ng *internet* gayundin ng mga babala laban sa mga *prohibited websites.*

Ang gawaing ito ay kaugnay ng iniakda ni Bokal Pamela M. Pardo na sinamahan nina Bokal Lino P. Regala (Ex-Officio -PCL), Bokal Arthur Michael G. Canlas at Bokal Jonah G. Pimentel na isang resolusyon na may titulong: *"A Resolution Adopting an Ordinance Regulating the Establishment and Operation of Internet Cafes or Computer Rental Shops. Computer Gaming Shops or Centers in the Province of Camarines Norte and Providing Penalties for Violations Thereof, Revising for the Purpose Provincial Ordinance No. 30-2003, Otherwise Known as "An Ordinance Regulating the Operation of Funhouses with Video Games and the like, and Providing Penalties for Violations Thereof".*

Maalaalang una nang naiakda ni Bokal Canlas ang Provincial Ordinance No. 30-2003 na naglalayong i-regulate ang operasyon ng mga Funhouses na may Video Games, at mga kahalintulad nito, na naglalapat ng kaparusahan sa mga paglabag dito.


Samantala, sinusugan sa paggawa ng kasalukuyang ordinansa ang Republic Act 7610 ó ang *Anti-Child Abuse Law*. Itinatakda nito ang pagbibigay-proteksyon sa mga kabataan mula sa lahat ng uri ng pang-aabuso, pagwawalambahala *(neglect)*, hindi makataong pagtrato, eksploytasyon at diskriminasyon.

Upang maiwasan na magamit ang mga *internet/cybernet cafes* ó *computer rental shops* bilang *medium* sa paglaganap ng *trafficking* partikular ang pornograpiya dito, ipinaloob din nila sa naturang panlalawigang ordinansa ang ilang probisyon ng RA 9208 na mas kilala bilang *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003.*

Hinihikayat din ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang lahat ng sektor ng pamahalaan lalo na ang mga pamilya na gabayan ang kanilang mga anak sa pagpili ng *internet café* at *on-line computing.* Ito ay upang maiwasang maging biktima sila ng biglaang pagsulpot ng mga *prohibited sites* na nagsusulong ng *child pornography* at *trafficking*.

Ang nasabing orientation workshop ay matagumpay na naisagawa sa pamamagitan ng tulong-pinansyal ni Bokal Pardo, sa pakikipagtulungang teknikal ni G. Toto Ong ng Bicol CATV System. ***LT IBASCO***





*Ganito ang Bagasbas Beach noong Holy Week kung saan dinagsa ito ng mga bisita mula sa iba't-ibang lugar dahil na rin sa iba't-ibang programang isinagawa rito kaugnay pa rin ng 88th Founding Anniversary ng Camarines Norte at 4th Bantayog Festival Celebration. Isa sa mga gawaing ginanap dito ay ang sand-carving competition.*

## Talaan ng mga Nanalo sa Patimpalak sa 1st Camarines Norte Rizal Leadership Convocation
## Marso 8, 2008, Mabini Colleges, Daet, Camarines Norte

**EXTEMPORANEOUS SPEAKING**

**1st Place— Gene Paulo Cabezudo**
St. Francis Parochial School

**2nd Place—Reylan Alvarez**
Jose Panganiban National High School

**3rd Place— Monica Quierra**
San Vicente Parochial School

**4th Place— Franchesca Mahinay**
Chung Hua High School

**ORATORICAL**

**1st Place— Katrina Dator**
St. Francis Parochial School

**2nd Place—Jessa Sanchez**
San Vicente Parochial School

**3rd Place— Camille Panganiban**
Jose Panganiban National High School

**ESSAY WRITING**

**1st Place— Lizvette A. Posis**
Magsaysay National HighSchool

**2nd Place—Kim Ryan Ubog**
Bagong Silang I High School

**3rd Place— Sharlaine Grace C. Tagines**
Jose Panganiban National High School

**QUIZ**

**1st Place— John Villaspin Leosinido**
Jose Panganiban National High School

**2nd Place—Roderick Balictar**
San Felipe National High School

**3rd Place— Liezl Denum**
D.Q. Liwag National High School

# Alliance Building...

(Mula sa pahina 6)

kaunlaran kung saan magsisilbing *satellite municipalities* ang mga bayan ng Daet, Jose Panganiban, Labo at Sta. Elena.

Sa pamamagitan ng istratehiyang ito, inaasahang ang populasyon ay maikakalat (o *decongestion*) mula sa Daet, bababa ang *population density*, maikakalat ang pag-unlad (*development)* sa 12 bayan ng lalawigan, mapabibilis ang kaunlaran ng mga tinukoy na *strategic centers*, at marami pang ibang kapakinabangan.

Kumprehensibo ang naging pagtalakay ni *Executive Director* Marivel Sacendoncillo ng *DILG-Local Government Academy* sa *Framework on Inter-Local Government Alliance.* Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng *alliance building* para makamit ang adhikain ng isang lalawigan sa pakikipagtulungan na rin ng mga *LGUs.*

Bilang bahagi ng *alliance, LGUs will benefit from diverse leadership and learning experiences of ally LGUs, can provide meaningful opportunities that can contribute to the development agenda of the province, LGUs will gain broad exposure to local organizations and issues, open opportunities for LGUs to participate first hand in all the planning and decision making activities of the province.*

Ibinahagi naman ng *PPDC* ng Laguna na si G. Valentin Guidote Jr. na kumatawan kay Gobernador Teresita Lazaro at kasalukuyang pangulo ng *League of Local Planning and Development Coordinators of the Philippines, Inc. (LLPDCPI)* ang mga naging karanasan ng kanilang lalawigan at ang mga *best practices* na kanilang isinagawa tulad ng pagtatayo ng *Women*

(Sundan sa pahina 9)

# Alliance Building...

(Mula sa pahina 8)

*and Children Crisis Center, ANILAG Festival* na naging *Best Tourism Event* 2007, Gawad Kalinga *Program, Comprehensive Agricultural Program,* Laguna *University*, at Laguna *Labor Management Council*. Ipinagmalaki rin ng nasabing PPDC na ilan sa kanilang proyekto ay naisakatuparan sa tulong ng iba't-ibang *sponsors* at *donors* na nagkaloob ng mga gamit at tulong-pinansyal.

Nagkaroon din ng *workshop* kung saan natukoy ang mga *"facilitating and hindering factors for building alliances", identification of development issues and concerns that affect the development of the province, and identification of collaborative strategies / programs/ projects needed for alliance building towards total development of the province.*

Pinangasiwaan naman ni DILG RD Maceda ang hiwalay na *workshop* na isinagawa para sa mga miyembro ng SP at ang mga punong bayan. Ilan sa mga *economic issues and concerns* na tinukoy ng SP ay ang problema sa *insurgency,* kakulangan ng pondo at mapagkakakitaan, at ang kawalan ng *commercial flights* sa lalawigan.

Sa *social services* naman ay ang lumalaking bilang ng mga kabataang hindi nakapag-aaral, at sa *institutional* naman ay ang tungkol sa *local governance*. Sa infrastructure, tinukoy ang *transparency* sa mga proyektong pinunduhan ng pamahalaang nasyonal, at pagbibigay ng prayoridad sa mga *infra projects*.

Nagbigay rin sila ng mga mungkahing *collaborative strategies, programs, projects and activities* upang matugunan ang mga problemang nabanggit.

Tinukoy naman ng mga punong bayan ang problema nila sa paggawa ng *Comprehensive Land Use Plans (CLUPs)* kung saan sa lalawigan ng Camarines Norte, tanging ang *CLUP* pa lamang ng bayan ng Vinzons ang naaprobahan na ng SP at pinagtibay ng Tanggapan ng Gobernador.

Gumawa rin sila ng isang *action plan* kung saan ang mga *Local Chief Executives (LCEs)* ay magkakaroon ng pagpupulong tuwing ikatlong buwan upang palakasin ang kanilang samahan at mapagibayo ang pagtutulungan tungo sa pagkamit ng isang "*shared vision*".

Nagtapos ang programa sa isang *open forum* kung saan ang mga katanungan ng mga kalahok ay tinugon nina *Regional Director* Rebecca Olayon ng *Department of Budget and Management (DBM), Regional Director* Veronica King ng *Department of Finance (DOF)*, at *RD* Maceda ng DILG RO V. **(AMLopez)**

# 88th anibersaryo ng Camarines Norte ...

(Continued from page 1)

lamang sa Camarines Norte.

Inilantad ito sa publiko noong 1898 na nagsisilbing simbolo sa pagiging makabayan at matiim na pagmamahal sa kalayaan ng mga mamamayan dito na siyang unang kumilala sa kadakilaan ni Rizal.

Patuloy na isinusulong ng pamahalaang panlalawigan ang *Bantayog Festival* upang maitimo sa kamalayan ng mga mamamayan sa bansa ang kahalagahan ng Unang Bantayog ni Rizal at lahat ng bagay na isinisimbolo nito upang ang naturang istrukturang bato ay hindi manatiling malamig na alaala ng kasaysayan kundi isang tunay na pwersang pang-edukasyon na magbibigay ng napakarami at napakahahalagang aral ng ating kasaysayan.

Ang pinakamahahalagang programa at gawain na tinaguriang *Grand Festival Day* na isasagawa sa Abil 15, 2007 na siyang petsa ng ika-88 taong anibersaryo ng lalawigan ay tatampukan ng *flag raising ceremony, commemorative mass, grand street parade (moving street choreography), at; street presentation.*

Inanyayahan bilang panauhing pandangal at tagapagsalita rito si *Regional Director* Maria Ong-Ravanilla ng *Department of Tourism (DOT) Regional Office 5,* ganun din si *General Manager* at *Chief Executive Officer Robert Dean Barbers* ng *Philippine Tourism Authority*.

Upang matiyak ang sistematiko at maayos na daloy ng mga programa para sa anibersaryo ng lalawigan, ipinalabas kamakailan ni Gob. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2008-08 na bumuo sa mga komitiba na mangangasiwa para sa iba't-ibang aktibidad nito.

Kaugnay nito, nagpulong kamakailan ang mga komitiba kung saan ang *executive committee* ay pinangungunahan ng gobernador bilang chairman katuwang ang mga *co-chairmen* na sina Bokal Pamela Pardo-Pujalte ng Sangguniang Panlalawigan (SP) Committee Chairperson on Tourism; Executive Assistant IV - Engr. Gerardo G. Quiñones; at Tourism Officer-designate Edgardo R. Reyes; samantalang sina Manuel Vicente Briñas at May S. Elep ng Tourism Division ng Tanggapan ng Gobernador naman ang mga over-all coordinators.

Ang mga miyembro nito ay kinabibilangan ng lahat na SP Kagawad; punong bayan; chairmen ng working committees, at; hepe ng mga panlalawigang tanggapan at pambansang ahensya sa lalawigan.


Narito naman ang *working committees* na binuo at ang mga itinalagang tagapamahala: Program and Invitation – Lorena T. Ibasco, AO V; Publicity, Promotion and Documentation – Purita P. Briñas, CAO IV; Finance – Provincial Treasurer Lorna A. Coreses; Stage Preparation and Construction – Provincial Engineer Cesar C. Paita; Hall and Venue Arrangement – Lilian Atienza; Security & Ground Control – PNP Provincial Director Noel Constantino; Reception and Attendance – Edilberto C. Baraquiel, HRMO IV; at Refreshments – Teresa B. Lamadrid, GSO staff.

Ang lahat na mga aktibidad na inihahanda ng pamahalaang panlalawigan para sa selebrasyon ng anibersaryo ng Camarines Norte ay pinangangasiwaan ng Tourism Division-Office of the Governor sa pangunguna ni Tourism Officer-Designate Boy Reyes. ***- LT IBASCO***






***Ang isa pa sa dinarayo rito sa lalawiga ay ang mga gawain sa panahon ng kuwaresma, tulad ng prosisyon ng mga life-size na santo sa bayan ng Vinzons. Karaniwan na ring tanawin sa Vinzons ang mga nagpipenitensiya, subali't ngayon ay patuloy na ring dumarami ang gumagawa ng ganito dito sa Daet.***




# Mga Katangian ...

(Continued from page 7)

**EKONOMISTA.** Hindi kailangang maging dalubhasa at may diploma sa larangan ng ekonomiya. Ito ay simpleng pagbabahagi ng mga praktikal na kaalaman sa paghawak ng kabuhayan, pagbabahagi ng biyayang tinatanggap, ng oras at kaalaman para sa magandang kabuhayan ng nasasakupan. Ang ekonomiya ay isang sining ng pagbabahagi upang ang lahat ay makamit ang kaginhawahan.

Ang tunay na naglilingkuran sa bayan ay mapagmahal, maunawain, mapagpatawad, naglilingkod ng may puso at inuuna ang kapwa bago ang kanyang sariling kapakanan. Kung lahat ng lider ay may mga katangiang ganito, hindi malayo ang kasaganaan at kapayapaan ng isang kumonidad. */efa*

# Blocking of prohibited websites

## para matigil ang child pornography at trafficking, on-line gambling at violent sites isinagawa sa lalawigan

Tampok ang *Demonstration on the Blocking of Prohibited Websites* sa 1-araw na *Orientation Workshop on the Guidelines for Computer Rental Shops & Oath-Taking of the Interim Officers* na isinagawa kamakailan sa Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte. Bunsod ito ng mga insidente kung saan habang nagsi-*search* sa *internet* ang mga kabataan, biglang lumalabas ang mga malalaswang larawan, *satanic or violent sites*, at *on-line gambling*.

Dinaluhan ito ng mga may-ari ng internet cafés sa lalawigan partikular sa bayan ng Daet na nakikiisa sa programa ng pamahalaang panlalawigan na maprotektahan ang mga kabataan mula sa mga panganib na kaakibat ng biglang paglabas ng mga naturang *prohibited sites* na maaaring magdulot ng masamang epekto sa kilos at paguugali ng mga kabataan gayundin sa kanilang pag-aaral.

Pinangasiwaan ni Toto Ong, network administrator ng Bicol CATV System ang pagtuturo sa paggamit ng blocking softwares katulad ng *K-9* at *opera web browser* upang maharang ang pagpasok ng mga *prohibited websites* habang gumagamit ng *internet*.

Nagkaisa namang ipagpaliban muna ang panunumpa sa harapan ni *Provincial Legal Officer* Jose T. Atienza ng mga nahalal na *interim officers* ng *Camarines Norte Computer Shops Association (CNComSA)* dahilan sa kakulangan ng panahon na nagugol sa nasabing workshop. Ang mga nahalal na pamunuan ay kinabibilangan nina: President-Vernie O. San Jose (*SJ Computer Center*); Vice President-Elmer R. Baclagan, Jr. (*IQ Com Solutions Computer Center*); Secretary-Yvette Marie R. Sayno (*YM Internet Café*); Treasurer-Josefina P. Sarad (*S-Box Cyber Café*); Auditor- Engr. Joel F. Segundo (*FastLink*); P.I.O. - Victor S. Baldosa, Jr. (*Joshnet*); Business Managers-Rogelio Dy (*Think Big i-Café*) at Dennis dela Torre; *Directors:* Amy T. Gabo (*Eznet Café and Supplies*) - Daet; Rowena R. Lavarez (*Lavarez Cyber Café*) - Talisay; Marichelle N. Abais (*Swissrosen PC House*) - Paracale; Darwin S. dela Cruz (*IQ Com Solutions Computer Center*) - Labo, at; Adrian G. Daniel (*Basud PrintShop*) - Basud. Nagsilbing tagapayo ng grupo sina Gg. Purita P. Briñas, Community Affairs Officer IV, CAO-G.O.; Bokal Mike Canlas at Bokal Pamela Pardo.

Matatandaan na nagkaroon ng *public hearing* sa Sangguniang Panlalawigan Session Hall noong Enero 30, 2008 kaugnay sa pagpasa ng panlalawigang ordinansa na magre-regulate sa pagtatayo at operasyon ng mga *internet cafés* dito sa lalawigan ng Camarines Norte.

Tinalakay rito ang pagbabawal sa págpapapasok sa mga estudyante

(Sundan sa pahina 8)





***Si Toto Ong, Network Administrator ng Bicol CATV System habang nagtuturo sa mga Internet Café/Shop owners kaugnay ng paglalagay at paggamit ng blocking/filtering softwares katulad ng K-9 at opera web browser upang mapigilan ang pagpasok ng mga kabataan sa mga prohibited websites . Ipinakita rin niya ang proseso nito sa isinagawang demo sa tanggapan ng Community Affairs Office.***

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
TAON 7, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com





*Ang isinagawang Surgical Mission 2008 ng BACNA sa CNPH. Tinatanggap naman ni Dr. Arlene Cosca, Chief of Mission, mula kay Gov. Jesus O. Typoco, Jr. ang Certificate of Commendation para sa Kaiser Permanente Medical Group bilang bahagi ng SM 2008. Ito ay iginawad sa isinagawang Governor's Night.*

# Pagsasanay sa mga opisyal ng barangay sa Camarines Norte isinasagawa ng DILG at LNB

Matagumpay na isinasagawa ng *Department of the Interior and Local Government* (DILG) at Liga ng mga Barangay (LNB) ang pagsasanay sa mga bagong halal na mga opisyales sa 12 bayan ng lalawigan ng Camarines Norte.

Ayon kay DILG Provincial Director Robin M. Mercado, ang pagsasanay ay kaugnay ng Barangay Newly Elected Officials (BNEO) Training Program ng Local Government Academy (LGA) ng DILG. Hangarin ng naturang programa na palakasin ang

(Sundan sa pahina 8)